

SydWest

Multicultural Services

Disability Services (Mga Serbisyo sa May-kapansanan)

Pag-uugnay ng mga kultura. Pagtatatag ng Komunidad.

Mga Serbisyonong **NDIS**

Mga Serbisyo sa Pagtatrabaho ng **May-kapansanan**
(Disability Employment Services)

Mga Suportang **Kawani** na May Kaalaman sa **Kultura**

Mga Serbisyonong **Ginamitan ng Ahente**
(Brokered Services)

Mga Manggagawang **Nagsasalita ng Dalawang Wika**

Ang **SydWest Multicultural Services** ang nangungunang samahang pang-komunidad. Ang aming misyon ay makapag-ambag sa pagbuo ng panlipunang kakayahan ng mga komunidad na may iba't ibang kultura at wika. Nagsisikap kaming patatagin ang mga indibidwal mula sa iba't ibang kultura sa pamamagitan ng pag-aalok ng direktang mga serbisyo na nakatuon sa tao. Kami ay tumututok sa mga mahihina at pinakanangangailangan sa buong buhay nila.

Bakit Dapat Piliin ang SydWest Multicultural Services?

Ang aming mga tauhan ay nagsasalita ng iyong wika at maaari kang suportahan sa iyong pang-araw-araw na buhay upang mabuhay nang nagsasarili at makamit ang iyong mga mithiin sa buhay. Makikipagtulungan kami sa iyo upang matiyak na mayroon kang kontrol at makakapagpasya ka sa mga suportang tatanggapin mo. Tutulungan ka naming makuha ang mga kasanayan na kailangan mo upang makagawa ng higit pang mga bagay para sa iyong sarili at maging bahagi ng komunidad.

NDIS Services (Mga Serbisyon ng NDIS)

Ang SydWest Multicultural Services ay isang nakarehistrong NDIS provider at sumusuporta sa CALD na mga komunidad upang ma-access ang mga serbisyo ng NDIS. Mangyaring makipag-ugnay sa aming may karanasang mga kawani na nagsasalita ng dalawang wika para sa lahat ng iyong mga pangangailangang suporta ng NDIS.

Kasama sa mga serbisyo

- Pag-uugnay ng suporta
- Mga serbisyon naiaakma, pang-indibwal, at ibinibigay sa loob ng bahay
- Access sa komunidad, mga suportang panlibangan at panlipunan
- Mga gawaing nakabatay sa grupo
- Sinusuportahang mga Serbisyo sa Pamumuhay nang Nagsasarili (Supported Independent Living Services).

Nakikipagtuwag kami sa mga indibidwal at mga grupo ng komunidad at nakikipagtulungan sa iba upang itaguyod ang panlipunang pagkakaisa at pagiging magkakalapit at magtatag ng panlipunang kakayahan sa rehiyon.



Mga Pinahahalagahan

Pananagutan, Kolaborasyon, Kahusayan

Community Connections Program (Programa ng mga Ugnayan sa Komunidad)

Paano ka matutulungan ng Programa ng mga Ugnayan sa Komunidad?

- Tumutulong sa mga taong may kapansanan na ma-access ang mga Suportang hindi Pinopondohan ng NDIS sa loob ng lokal na komunidad
- Tumutulong sa pag-ugnay ng mga taong may kapansanan sa mga serbisyo at mga gawaing panlipunan (mainstream)
- Tumutulong sa mga kalahok na mahanap ang mga kaugnay at napapanahong impormasyon upang makagawa ng may-kaalamang mga pasya
- Tumutulong na maiugnay ang mga kalahok sa mga suporta, magkaroon ng mga kasanayan at kakayahan sa loob ng kanilang mga komunidad
- Patatagin ang mga taong nabubuhay nang may kapansanan.

Para sa lahat ng mga pagsangguni:
intake.ilc@sydwestms.org.au

Ang aming mga tauhan ay nagsasalita ng iyong wika at kaya kang suportahan sa iyong pang-araw-araw na buhay upang mabuhay nang nagsasarili at makamit ang iyong mga mithiin sa buhay.

Disability Employment Services (Mga Serbisyo sa Pagtatrabaho ng mga May-kapansanan)

Ang Disability Employment Services (DES, Mga Serbisyo sa Pagtatrabaho ng mga May-kapansanan) ay isang serbisyo sa pagtatrabaho ng Pamahalaan ng Australya na tumutulong sa mga taong may kapansanan, pinsala sa katawan o karamdaman upang makahanap at manatili sa trabaho.

Ang DES ay isang LIBRENG serbisyo na tumutulong sa mga taong may kapansanan, pinsala sa katawan o karamdaman upang makahanap ng trabaho at manatili sa trabaho.

Paano makakatulong sa iyo ang DES

- Pagtutugma sa mga angkop na trabaho na bagay sa iyong kakayahan
- Tumulong sa mga aplikasyon sa trabaho
- Tumulong sa paglikha ng mga resume
- Inakmang mga serbisyo na ayon sa iyong mga kagustuhan
- Pagpapakilala sa mga tagapag-empleyo
- Alisin ang mga hadlang sa pagtatrabaho
- Suportang tulung na salapi (subsidy) sa sahod
- Pagbibigay ng kasanayan at karanasan sa trabaho upang suportahan kang makapagtrabaho
- Suporta sa lugar ng trabaho hangga't kailangan mo ito.



SydWest Multicultural Services

NDIS Brokerage Services (Mga Serbisyon Brokerage ng NDIS)

Nag-aalok kami ng serbisyo ng brokerage upang tulungan ang mga takapagkaloob (provider) ng serbisyo na ma-access ang pangangalagang nababagay sa kultura para sa kanilang mga kostumer sa loob at sa labas ng bahay.

Ang aming pangkat na may kaalaman sa kultura ay nagsasalita ng hanay ng mga wika at nakakaunawa sa iyong kultura.

Ang SydWest Multicultural Services ay isang rehistradong NDIS provider na naghahatid ng may kalidad na suporta sa mga taong may-kapansanan, kanilang mga pamilya at kanilang mga tagapangalaga.

- Arabo
- Bosnian
- Cantonese
- Croatian
- Czech
- Dinka
- Espanyol
- Griyego
- Hindi
- Ingles
- Italyano
- Koreano
- Macedonian
- Madi
- Maltese
- Mandarin
- Persian (Farsi/Dari)
- Polish
- Pranses
- Punjabi
- Ruso
- Serbian
- Shona
- Tagalog *
- Tamil
- Turkish
- Ukranyo

*at isang maliit na bilang ng mga diyalektong Filipino

Makipag-ugnayan sa amin

Blacktown Office

Level 2
125 Main Street
Blacktown NSW 2148

Telepono:

02 9621 6633

Fax: 02 9831 5625

Mt Druitt Office

Shop 3
6-10 Mount Street
Mt Druitt NSW 2770

Telepono:

02 9625 0455

Fax: 02 9625 0322

Penrith Office

Community Connection
Building, Suite 113
114-116 Henry Street
Penrith NSW 2750

Telepono:

02 9621 6633

Rouse Hill Office

Vinegar Hill Community Centre
Ground Floor
29 Main Street
Rouse Hill NSW 2155

Telepono:

02 9621 6633